DUC AD VERITATEM
Lead Towards the Truth
FILIPINO 4 ___
MAIKLING KWENTO BLG. ____

C.N. ☐

Pangalan: _____ **Petsa:** _____

Ang mga Kulay ng Bahaghari

Tagapagsalaysay: Alam mo ba kung anu-ano ang mga kulay ng bahaghari? Pula, orange, dilaw, luntian, bughaw, indigo, at lila. Kay gagandang mga kulay!

Minsan daw ay nagtalu-talo at nag-away-away ang mga kulay.

Makinig kayo sa aking isasalaysay...

Noong unang panahon ay hindi magkakasundo ang mga kulay. Palagi silang nag-aaway.

Berde: Alam ba ninyo na ako ang kulay ng buong daigidg? Hayan, luminga kayo. Berdeng-berde ang mga puno at halaman. Berde rin ang mga damong tumutubo sa kalupaan. Tingnan ninyo at halos buong mundo ay makikita ninyo ang aking kulay ng buhay. Kaya tama lamang na tawagin akong kulay ng daigdig! Ha! Ha! Ha!

Bughaw: Pero, tumingala ka naman sa langit at pagkatapos ay tumingin ka sa malawak na karagatan. Kulay bughaw ito, hindi ba?

Kapag tumingin ka sa aking kulay mapalangit man or mapadagat, ang madarama mo ay katahimikan ng iyong kalooban. Mararamdaman mo sa iyong puso ang kapayapaan ng damdamin.

Pag nagagalit ka, tumitig ka nang ilang sandali sa aking kulay at mapapawi ang nadarama mo sa iyong dibdib.

Mahalaga ang aking epekto sa mga tao, alam mo ba iyon? Kaya ako ay napakahalagang kulay.

Dilaw: Sandali lamang! Masyado kayong seryoso sa inyong usapan. Eh, ako. Ako ang kulay ng araw, ng buwan at mga bituin. Ako ang kulay na nagbibigay-liwanag. Paano

kayo makikita kung madilim ang paligid? Pag wala ko, wala rin kayo, akala ba ninyo.

Orange: Hintay! Ako naman ang kulay ng kalusugan – Orange! Hindi ako palaging nakikita ngunit dala ko ang masaganang bitaminang kailangang-kailangan ng lahat. Kapag nawala ako, paano naman ang mga tao?

Pula: Aba, aba, aba! Eh, ako? Ako ang kulay ng dugong nananalaytay sa mga ugat na siyang nagbibigay-buhay. Ako rin ang nagpapaganda ng mga hardin. Naririyan ang pulang-pulang mga rosas, gumamela, bougainvillea, anthurium, santan at iba pa. Ako rin ang kulay ng masasarap na prutas, tulad ng mansanas, strawberry, mabolo at marami pang iba.



Lila: Hoy! Tumahimik kayo! Ako ang kulay ng dugong maharlika. Ginagamit ako bilang sagisag ng kapangyarihan ng mga hari, pinuno at maging ng mga pari at Obispo.

Kaya't lumuhod kayong lahat. Ako ang inyong hari.

Indigo: Maaaring hindi ninyo ako kilala, ngunit kailangang-kailangan ninyo ako. Ako ang kulay ng takipsilim, ng sandali ng pag-iisip, ng mga oras ng pagdarasal at pagsisisi ng kasalanan. Kailangan ako ng mga tao sa kanilang buhay upang makapagtamo ng kapatawaran.

Tagapagsalaysay: Natigil ang pagtatalu-talo ng mga kulay nang gumuhit ang nakasisilaw na kidlat na sinundan ng nakabibinging kulog. Pagkatapos noon ay rumaragasang pumatak ang ulan sa bubungan ng kabahayan. Malakas na bumuhos ang nagngangalit na ulan.

Ulan:

Magsitigil kayong lahat! Hindi ba ninyo nauunawaan na kayong lahat ay nilalang ng Diyos para sa kani-kanyang gawaing dapat na gampanan? Ikaw, Berde, ay ginawa upang makita ng mga tao ang kagandahan ng mundo. Ikaw naman, Bughaw, ay para mapahalagahan ng mga nilalang ang kalangitan at karagatan. At ikaw... ikaw... (baling nito sa iba pang mga kulay) lahat kayo ay may silbi!

Hindi ba ninyo alam na hindi maaaring mawala ang isa sa inyo? Napansin ba ninyo na palagi kayong nakikita sa bawat sulok ng mundo?

At upang kayo ay huwag nang maglamangan, hayan, ipinipinta kayo ng Diyos sa kalangitan upang sabay-sabay na hangaan ng tao. Ang ibig sabihin nito, bawat isa sa inyo ay maganda at mahalaga. Huwag na kayong magkagalit.

Tagapagsalaysay: Magmula nga noon ay tumigil na ang pag-aaway-away ng mga kulay. Lagi nilang tinatandaan ang mga sinabi ni Ulan. Bilang pasasalamat, pagkatapos ng pag-ulan, kapag may sinag pa ng araw, lumalabas ang bahaghari upang patunayan sa lahat na sila ay hindi na magkakagalit at palagi na silang magkakasundo.



TALASALITAAN

1. luminga – tumingin sa isang lugar na umiikot ang ulo
2. tumingala – tumingin sa dakong itaas
3. tumutubo – lumalaki
4. kalooban – damdamin ng tao na siyang nagpapasya at nag–uutos sa kanya na gumawa o magsabi ng anuman; kagustuhan
5. mapapawi – maalis o mawala
6. epekto – bisa, bunga, resulta, kinalabasan
7. kapayapaan – katahimikan, walang gulo
8. masagana – maraming-marami, labis-labis, sobra-sobra
9. nananalaytay – dumadaloy, umaagos
10. maharlika – tawag sa isang kinikilalang mahal na tao o dugong mahal, ginagamit ito noong unang panahon sa mga kaangkan ng mga hari.
11. takipsilim – oras ng paglubog ng araw
12. makapagtamo – makatanggap ng anuman
13. rumaragasang ulan – patuloy na pagbuhos ng ulan
14. maglamangan – magdayaan
15. sinag - liwanag